

Information sheet 13

Mga Manggagawa at Boluntaryo at ang Naiuulat na Pamamaraan ng Pag-uugali

Layunin

Ang layunin ng information sheet na ito ay upang magbigay ng gabay sa mga manggagawa at boluntaryo (ikaw) tungkol sa Naiuulat na Pamamaraan ng Pag-uugali (ang paraan), lalo na kung ikaw ang paksa ng naiuulat na paratang.

Tungkol sa Naiuulat na Pamamaraan ng Pag-uugali

Hangad ng pamamaraan na mapabuti ang mga tugon ng mga organisasyon sa mga paratang ng pang-aabuso sa bata at pagpapabaya ng kanilang mga manggagawa at boluntaryo. Itinatag ang panukala ng *Batas sa Kapakanan at Kaligtasan ng Bata 2005 (Child Wellbeing and Safety Act 2005)*.

Sa ilalim ng panukala, dapat abisuhan ng mga pinuno ng mga organisasyon ang Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan (ang Komisyon) tungkol sa mga paratang sa ilang uri ng pag-uugali na kinasasangkutan ng isang bata sa kanilang mga manggagawa at boluntaryo.

Dapat iulat ang mga paratang tungkol sa mga manggagawa at boluntaryo kahit na:

- wala silang direktang pakikipag-ugnay sa mga bata bilang bahagi ng kanilang trabaho
- naganap ang pag-uugali sa loob o labas ng kurso ng trabaho.

Pagkatapos ay kailangang imbestigahan ng mga pinuno ng mga organisasyon ang mga paratang na ito.

Anong mga uri ng manggagawa at boluntaryo ang saklaw ng panukala?

Nalalapat ang pamamaraan sa pag-uugali ng sinumang tao na higit sa edad na 18 taon na nagtatrabaho o nakikibahagi ng isang organisasyon na sakop ng panukala kabilang ang:

- mga direktang nakikibahagi ng isang organisasyon na sakop ng panukala upang magbigay ng mga serbisyo,

kasama na bilang isang boluntaryo, kontratista, may tanggapan, opisyal o iba pang posisyon

- tagapag-alaga ng kinakapatid o pagkakamag-anak
- mga ministro ng relihiyon, pinuno ng relihiyon o opisyal ng relihiyosong katawan.

Gumagamit ang Komisyon ng termino na 'mga manggagawa at boluntaryo' upang ilarawan ang mga taong ito sa itaas.

Kung ang organisasyon na iyong pinagtatrabahuhan o nagboboluntaryo ay saklaw ng panukala, sa gayon ang iyong pag-uugali ay sakop ng pamamaraan.


Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga organisasyon na saklaw ng panukala ay maaaring matagpuan sa [website ng Komisyon](#).


Ano ang naiuulat na pag-uugali?

May limang uri ng naiuulat na pag-uugali:

1. mga sekswal na pagkakasala
2. maling pag-uugali sa sekswal
3. pisikal na karahasan
4. ang pag-uugali na nagdudulot ng makabuluhang emosyonal o sikolohikal na pinsala sa isang bata
5. makabuluhang pagpapabaya sa isang bata.

Ang mga sekswal na pagkakasala, sekswal na maling pag-uugali, at pisikal na karahasan ay saklaw ng panukala kung nagawa ang mga ito na kasama ang, laban o sa harap ng isang bata.

 Ang isang bata ay isang tao na wala pang 18 taong gulang.

 Saklaw ng naiuulat na pag-uugali ang higit pa sa mga kriminal na pagkakasala.

Ano ang tungkulin ng Komisyon?

Ang tungkulin ng Komisyon ay upang:

- magbigay sa isang organisasyon na tumutugon sa isang naiuulat na paratang ng suporta at patnubay upang maitaguyod ang patas at angkop na tugon
- malayang pagbabantay at pagsubaybay sa mga tugon ng mga organisasyon sa mga naiuulat na paratang at, kung naaangkop, gumawa ng mga rekomendasyon para mapabuti ang mga tugon
- sa ilang mga pangyayari, abisuhan ang Kalihim ng Kagawaran ng Hustisya at Kaligtasan sa Komunidad ng isang pagtuklas na ang naiuulat na pag-uugali ay nagawa para sa mga layunin ng isang muling pagtatasa sa Pakikipagtulungan sa Pagsuri sa Kabataan (Working with Children Check) sa ilalim ng Batas ng Pakikipagtulungan sa Mga Bata 2005 o Working with Children Act 2005)
- sa ilang mga pangyayari, ipagbigay-alam sa iba pang mga tapagpatupad (tulad ng mga Kagawaran ng Pamahalaan ng Victorian at ang Ahensya ng Regulasyon ng Propesyonal sa Pangkalusugan ng Australia), na naiulat na nagawa angpag-uugali at magbigay ng iba pang nauugnay na impormasyon
- abisuhan ang Instituto sa Pagtuturo ng Victoria (Victorian Institute of Teaching, VIT) kung nagawa ang isang paratang at ang mga natuklasan ng mga imbestigasyon na naiuulat na pag-uugali ay tungkol sa isang nakarehistrong guro.

Ano ang naiuulat na paratang?

Ang naiuulat na paratang ay isang paratang batay sa impormasyon na humantong sa sinumang tao na bumuo ng makatuwirang paniniwala na ang isang manggagawa o boluntaryong ay nakagawa ng:

- naiuulat na pag-uugali, o
- maling pag-uugali na maaring may kasamang naiuulat na pag-uugali.

Ang makatuwirang paniniwala ay mahigit sa hinala. Dapat may ilang nilalayan na batayan para sa paniniwala. Hindi ito nangangailangan ng katibayan ngunit dapat na higit pa sa bulung-bulungan o haka-haka.



Ang pinuno ng organisasyon ay kinakailangang abisuhan ang Komisyon sa naiuulat na paratang kahit na hindi nila ito pinaniniwalaan.

Ano ang mangyayari kapag ang isang naiulat na pag-uugalit ay nagawa?

Kung may kamalayan ang pinuno ng isang organisasyon ng isang naiuulat na paratang laban sa isa sa kanilang mga manggagawa o mga boluntaryo, dapat nilang:

1. abisuhan ang Komisyon (at Pulisya ng Victoria kung pinaghihinalaan nila ang kriminal na pag-uugali) at Proteksyon ng Bata sa ilang mga kaso
2. tiyakin na maimbestigahan ang paratang (pagkatapos makakuha ng clearance mula sa Pulisya ng Victoria, kung kinakailangan)
3. gumawa ng mga pagtuklas at gumawa ng mga aksyon, batay sa kinalabasan ng imbestigasyon
4. ibigay ang mga pagtuklas sa Komisyon.

Proseso ng naiuulat na paratang

Ang imbestigasyon sa naiuulat na paratang ay dapat magkaroon ng mga hakbang na ito:

- tanggapin at suriin ang paratang
- itatag at isagawa ang isang imbestigasyon
- tayahin ang ebidensya
- tapusin ang imbestigasyon at ihanda ng ulat
- gumawa ng mga pagtuklas
- gumawa ng mga aksyon bilang tugon sa mga pagtuklas.

Pagsasagawa ng imbestigasyon

Ang naiuulat na paratang ay maaring imbestigahan ng:

- isang panloob na miyembro ng kawani (halimbawa, sa pamamagitan ng Human Resources)
- isang panlabas na malayang imbestigador
- isang regulator
- ang Komisyon.

Ang imbestigasyon sa isang naiuulat na paratang ay kadalasang kasangkot:

- sa pagkolekta ng nauugnay na pisikal na ebidensya
- mga panayam sa nauugnay na mga saksi, na maaring kabilang ng mga bata
- isang panayam sa paksa ng paratang.

Ikaw ba ang paksa ng isang paratang?

Nagbibigay ang mga sumusunod na seksyon ng patnubay kung naging paksa ka ng naiuulat na paratang.

Pamamaraan ng pagkamakatarungan

Ang isa sa mga pangunahing prinsipyo ng paraan ay na kung ikaw ang paksa ng naiuulat na paratang, karapat-dapat kang makatanggap ng likas na hustisya sa mga imbestigasyon ng iyong pag-uugali. Madalas na tinatawag na pamamaraan ng pagkamakatarungan ang likas na hustisya.

Mahalaga na ang naiuulat na proseso ng paratang ay isinasagawa sa patas at makatwirang pamamaraan at nang walang labis na pagkaantala.

Ang pamamaraan ng pagkamakatarungan ay hindi nangangailangan na maabisuhan ka, kaagad, na ginawa tungkol sa iyo ang naiuulat na paratang.

Kailangang isaalang-alang ng imbestigador ang pinakaangkop at pinakamaagang pagkakataon na abisuhan ka, habang tinitiyak ang integridad ng imbestigasyon na iyon at ang kapakanan ng lahat na kasangkot.

Hindi dapat magkaroon ng hindi makatuwirang pagkaantala sa pagbibigay sa iyo ng paunawa tungkol sa naiuulat na paratang.

Sa mga limitadong mga kaso, halimbawa, kapag malinaw na mali ang paratang at maaaring harapin at malutas sa iyong pabor nang hindi ka kasangkot, maaaring hindi ka masabihan tungkol sa paratang na iyon.

Maaari kang maabisuhan tungkol sa paratang sa pamamagitan ng sulat ng paratang. Ang sulat ng paratang ay isang nakasulat na dokumento na malinaw na nagsasabi sa iyo ng mga detalye ng naiuulat na paratang na ginawa laban sa iyo.

Kung ibinigay ang isang sulat ng paratang, dapat na malinaw na nakalagay sa sulat ang bawat paratang at dapat na maglaman ng sapat na impormasyon upang maunawaan mo nang eksakto kung ano ang (mga) paratang upang makatugon ka sa kanila.

Ang sulat ng paratang ay maaring kabilang:


- kung anong pag-uugali ang pinaparatang na nangyari
- kailan at saan nangyari ang pinaparatang na pag-uugali
- sino ang kasangkot sa pinaparatang na pag-uugali.

Ano ang mangyayari kapag ginawa ang naiuulat na paratang laban sa akin?

Hindi alintana kung nakatanggap ka ng liham ng paratang o kung inabisuhan ka sa naiuulat na paratang sa ibang paraan, sa pangkalahatan ay dapat mong asahan na:

- masabihan tungkol sa mga detalye ng paratang
- magkaroon ng naaangkop na tagal ng panahon para isaalang-alang ang paratang, kasama na maaari mong imungkahi ang mga taong pinaniniwalaan mong dapat na kapanayamin bilang bahagi ng paratang
- magawang tanungin na naroroon ang isang naaangkop na taong sumusuporta kung ikaw ay kapanayamin
- maanyayahan na tumugon, alinman sa salita o sa pagsulat, sa naiuulat na paratang at anumang masamang impormasyon na kapanipaniwala, nauugnay at makabuluhan
- magkaroon ng walang kinikilingang imbestigador.

Maaari ka ring magkaroon ng mga karapatang humingi ng payo at/o representasyon mula sa isang abugado, unyon o ibang representante na katawan bilang bahagi ng imbestigasyon.

 Ang paglalagay ng iyong bersyon sa sulat at/o pagdalo sa isang pakikipanayam ay nagbibigay-daan sa iyo upang tumugon sa paratang. Maaari kang pumili na humingi ng payo bago isulong ang iyong bersyon dahil maaaring mayroong ilang mga seryosong

kahihinatnan kung napatunayan ang paratang.

Manatili, suspensyon at iba pang mga aksyon

Ang ilang mga organisasyon ay maaaring isaalang-alang kung dapat ka nilang panatilihin o suspindihin ka habang nagsasagawa sila ng imbestigasyon. Isinasaalang-alang ng pinuno ng iyong organisasyon ang iba't ibang mga isyu, tulad ng mga panganib sa mga bata at ibang tao sa kanilang organisasyon, kapag ginagawa ang desisyon na ito.

Ang mga organisasyon ay maari ding:

- pigilan ka sa pakikipag-ugnay sa mga bata
- ilipat ka sa ibang mga tungkulin
- tiyaking mayroon kang karagdagang suporta at pangangasiwa sa trabaho
- idirekta ka na huwag talakayin ang bagay sa ibang mga manggagawa o boluntaryo
- hilingin na ibigay mo ang kagamitan o alisin ang pag-access ng dokumento.

Kailangang maglapat ng iba't ibang mga batas at patakaran tungkol sa mga aksyon na ito ang bawat organisasyon. Tanungin ang iyong organisasyon para sa karagdagang impormasyon kung kailangan mo ito.

Pagtataya ng ebidensya

Balanse ng mga probabilidad – Sukat ng katibayan

Ang antas ng katiyakan at antas ng katibayan na kinakailangan upang maitaguyod ang patunay para sa naiuulat na mga paratang ay tinatawag na 'balanse ng mga probabilidad'. Ito ay isang mas mababang pamantayan kaysa sa kinakailangan para sa mga kasong kriminal kung saan ang paratang ay dapat patunayan nang higit sa makatuwirang pagdududa. Samakatuwid, kapag nagsasagawa ng imbestigasyon, iniisip ng imbestigador kung ito ay **higit na malamang kaysa hindi** na nangyari ang naiuulat na pag-uugali.

Pagtatapos ng imbestigasyon

Pagkakataon na tumugon ka

Bago gumawa ng anumang masamang resulta o magawa ang aksyon sa pagdidisiplina laban sa iyo, dapat tiyakin ng organisasyon na bibigyan ka ng pagkakataong magbigay ng puna sa at tumugon sa paratang. Dapat na maingat na isinasaalang-alang bago matapos ang imbestigasyon ang tugon na iyon.

Pag-abiso sa Komisyon

Matapos isaalang-alang ang iyong tugon, ihahanda ng organisasyon ang mga natuklasan nito sa imbestigasyon (at mga dahilan para sa mga natuklasan). Ibibigay ang mga ito sa Komisyon.

Dapat ka din masabihan tungkol sa kinalabasan, lalo na kung hindi kanais-nais ang kinalabasan. Gayunpaman, maaaring hindi mo laging matanggap ang buong detalyadong mga natuklasan sa imbestigasyon, ulat at mga dahilan. Maaaring ito ay dahil kasama dito ang sensitibong impormasyon tungkol sa mga bata o pribadong impormasyon.

Potensyal na mga pagtuklas at aksyon

Mayroong iba't ibang mga potensyal na natuklasan na maaaring gawin sa pagtatapos ng isang imbestigasyon. Sumangguni sa Information Sheet 8 ng Komisyon – [Mga Pagtuklas ng Imbestigasyon](#) para sa detalyadong impormasyon dito.

Sa buod, kung:

- ang ebidensya ay nagpapahiwatig na ito ay mas malamang kaysa sa hindi nangyari ang naiuulat na pag-uugali, pagkatapos ang **napatunayan** na pagtuklas ay gagawin
- walang sapat na katibayan para imungkahi na ito ay mas malamang kaysa sa hindi na nangyari ang naiuulat na pag-uugali, pagkatapos ang isang **hindi napatunayan – hindi sapat na ebidensya** na pagtuklas ay gagawin
- walang sapat na katibayan upang maitaguyod kung ang naiuulat na pag-uugali ay nangyari o hindi nangyari, pagkatapos ay ang **hindi napatunayan –**

kakulangan sa bigat ng ebidensya na pagtuklas ay gagawin

- may malakas na ebidensya na hindi nagyari ang naiuulat na pag-uugali, pagkatapos ang isang **walang batayan** na pagtuklas ay gagawin
- kung nangyari ang pag-uugali ngunit hindi ito umaangkop sa alinman sa mga uri ng naiuulat na pag-uugali na nakalista sa itaas, ang pagtuklas na **pag-uugali sa labas ng paraan** ay maaring gawin.

Ang mga organisasyon ay maaaring gumawa ng isang hanay ng mga aksyon batay sa mga natuklasan na ito.

Hindi pagsang-ayon sa isang pagtuklas at aksyon

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pagtuklas o aksyon na ginawa ng isang organisasyon bilang tugon sa isang pagtuklas, dapat kang sumangguni sa iyong mga panloob na pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan sa organisasyon.


Dapat mo ring isaalang-alang ang pagkuha ng payo, suporta o patnubay mula sa:

- iyong trade union sa pamamagitan ng pagtawag sa [Mga Unyon ng Australyano](#) sa 1300 486 466 o ang [Victorian Trades Hall Council](#) sa (03) 9659 3511
- isang abugado sa pamamagitan ng:
 - ang [Instituto ng Batas ng Victoria](#), na makakapagsangguni sa iyo sa isang abugado
 - [JobWatch Employment Rights Legal Centre](#) sa 1800 331 617 (Country Victoria) o (03) 9662 1933 (Melbourne Metro), na nagbibigay ng libre at kompidensyal na impormasyon sa telepono at serbisyong sanggunian para sa mga manggagawa
 - ang [Pederasyon ng Ligal na Sentro ng Komunidad](#), na makakatulong sa iyo na makahanap ng Ligal na Sentro ng Komunidad na malapit sa iyo
- ang [Fair Work Ombudsman](#), na maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at magpapayo tungkol sa iyong mga karapatan at obligasyon sa trabaho

- ang [Fair Work Commission](#), na maaaring magbigay ng tulong para sa mga empleyado na naalis sa kanilang trabaho at nagsasaalang-alang sa paggawa ng hindi patas na pagpapaalis, pagtatanggal ng pangkalahatang mga proteksyon o aplikasyon ng labag sa batas na pagwawakas.

Mga sanggunian sa Pakikipagtulungan sa Pagsuri sa Kabataan (Working with Children Check) at Instituto ng Pagtuturo sa Victoria

Bilang karagdagan sa anumang aksyon na maaaring gawin ng iyong organisasyon, kung natagpuan kang nakagawa ng naiuulat na pag-uugali, ang Komisyon ay maaaring, sa ilang mga pangyayari, isangguni ang pag-uugali sa Yunit ng Pakikipagtulungan sa Pagsuri sa Kabataan ng Victoria (Working with Children Check Victoria) para sa muling pagtatasa ng iyong Pakikipagtulungan sa Pagsuri sa Kabataan (Working with Children Check). Maaaring maganap ang sanggunian kahit na wala kang hawak na Pakikipagtulungan sa Pagsuri sa Kabataan (Working with Children Check) na kard. Kung ikaw ay isang nakarehistrong guro, aabisuhan ang VIT tungkol sa mga natuklasan sa lahat ng mga paratang ng naiuulat na pag-uugali.

 Kinakailangan ng Komisyon na payuhan ang VIT kapag nakatanggap sila ng isang maaaring naiuulat na paratang tungkol sa rehistradong guro.

Mga ulat ng mga manggagawa o boluntaryo

Kung bumubuo ka ng isang makatuwirang paniniwala na ang isang tao sa isang organisasyon ay nakatuon sa naiuulat na pag-uugali o maling pag-uugali na maaaring nagsasangkot ng naiuulat na pag-uugali, maaari mong abisuhan ang iyong pinuno ng organisasyon o ang Komisyon. Ang pag-uulat sa Komisyon ay hindi pumapalit sa iyong umiiral nang mga pananagutan sa pag-uulat.

Halimbawa, maaaring kailanganin ka pa ring:

- mag-ulat sa Proteksyon ng Bata kung bumubuo ka ng makatuwirang paniniwala na ang isang bata ay nangangailangan ng proteksyon mula sa

pisikal na pinsala o pang-aabusong sekswal.

- mag-ulat sa Pulisya ng Victoria kung maaaring may krimen na naganap
- gawin ang lahat ng makatuwirang mga hakbang para alisin o bawasan ang mga panganib ng pang-aabusong sekswal, lalo na kung nasa posisyon ka ng awtoridad.

Tandaan: Ang paraan ay nagbibigay ng ilang mga ligal na proteksyon sa sinumang tao na gagawa ng naiuulat na paratang sa Komisyon nang may mabuting pananalig.

Higit na Impormasyon

Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paraan, Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata, upang makipag-ugnay o upang gumawa ng abiso, maa-access mo ang website, email o telepono. Ang mga mga detalye ay ang mga sumusunod:

w: ccyp.vic.gov.au

e: contact@ccyp.vic.gov.au

p: (03) 8601 5281

Kung kailangan mo ng isang tagasalin, mangyaring tawagan ang Serbisyo ng Pagsasalin at Pagbibigay-kahulugan sa 13 14 50 at hilingin sa kanila na makipag-ugnay sa Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan sa (03) 8601 5281.